# Balitang Manmin

BILANG 119 NOBYEMBRE 2, 2014



# "Kung Nananalangin Ka, Kahit Anong Problema ay Hindi Problema!"

## Ang Espesyal na Pulong-Panalanging Daniel sa Manmin Prayer Center



Pagkatapos tanggapin ng tao si Jesu-Cristo at makamit ang karapatang maging anak ng Diyos, matututo silang manalangin. Dahil sa panalangin hindi na problema ang mga problema.

Dahil sa panalangin, humaba pa ang buhay ni Haring Hezekiah kahit malapit na siyang mamatay. Tinanggap ni Elias ang hiniling niyang pag-ulan sa gitna na matinding tagtuyot dahil sa maalab na pananalangin. Dahil sa kaalaban ng pananalangin niya, siya ay yumukod sa lupa at inilagay ang mukha sa pagitan ng kanyang mga tuhod. Sa pakikipag-usap niya sa Diyos sa isla ng Patmos, tinanggap ni Apostol Juan ang pahayag tungkol sa mga huling araw. Sa walang hintong maalab na pananalangin sa loob ng 32 taon, nakapagbabahagi ng ebanghelyo ng kabanalan ang Manmin Central Church sa buong mundo.

Idadaos magmula Setyembre 29 hanggang Nobyembre 9, 2014, ang dalawang magkasunod na sesyon ng espesyal na pulong-panalanging Daniel sa Manmin Prayer Center (sentro ng panalanginan). Ang paksa nito ay 'Buong Espiritu', batay sa Mga Hebreo 10:22. Ito ay napapanahong pagkakataon para sa mga miyembro ng Manmin na makatuntong sa bato ng pananampalataya at marating ang pagiging espirituwal at banal sa mas mabilis at mabisang paraan sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Ang Pulong-Panalanging Daniel ay nagsisimula tuwing ika-9:00 ng gabi, (lokal na oras ng Korea), Lunes hanggang Huwebes. Ginagawa ito pagkatapos ng 20 minutong pag-awit ng mga papuri kasama ng mga grupo ng sining at tumatagal hanggang ika-11:40 ng gabi at hanggang ika-11:00 ng gabi naman tuwing katapusan ng linggo, (mayroong magdamag na pagsamba tuwing Biyernes). Namumuno sa pananalangin para sa kaharian at kabanalan ng Diyos ang presidente ng sentro ng panalanginan na si Ginang Boknim Lee kasama ng mga miyembro. Nagdaraos ang sentro ng 'espesyal' na pulong-panalanging Daniel dalawang beses sa isang taon. Magkasunod ito kaya nakakatulong sa espirituwal na paglago ng mga miyembro.

Bawat linggo, mayroon ding pagsamba sa umaga at pulong panalangin tuwing hapon sa sentro. Ito ay para sa mga gustong dumanas ng banal na pagpapagaling o magkaroon ng kasagutan sa mga problema; ang pulong para sa banal na pagpapagaling ay idinadaos tuwing huling linggo ng bawat buwan, at ang espesyal na pulong-panalangin para sa mga may karamdaman tuwing makalawang buwan.

Sa mga pulong, binubuwag ng mga miyembro ang mga pader ng kasalanan laban sa Diyos. Dahil dito nalulutas ang mga problema nila at mayroon na silang bagong buhay. Dahil sa kapangyarihan ng Diyos marami na sa kanilang gumaling mula sa kanser, pagdurugo ng utak, sakit sa puso, epilepsy, rayuma, hika, at marami pang ibang sakit na hindi na nagagamot o mga sakit na nakakamatay.

Si Kapatid Minsu Lee, 63 taong gulang, ay gumaling mula sa malalang (stage 4) 'nasopharynx' kanser, sinabi niya, "Mayroon akong bukol na may sukat na 5.5cm sa ilong at kumalat na ito sa lymph node, ibabang bahagi ng bungo, balikat, at sa iba't ibang bahagi ng gulugod. Nang tanggapin ko ang panalangin ni Dr. Lee, nakaramdam ako ng init mula ulo hanggang sa gulugod. Pagkatapos, nawala na ang pananakit at lumiit ang bukol. Magmula noon, pinagsisisihan ko ang hindi ko pagtitiwala sa Diyos at ang pagsisiya ko sa mga makamundong bagay sa pulong na may banal na pagpapagaling sa Sentro ng Panalanginan ng Manmin. Nakakaramdam ako ng init sa buong katawan ko at bumubuti ang pakiramdam ko sa tuwing idadalangin ako ni Ginang Lee. Tumanggap akong muli ng panalangin ni Dr. Lee, pagkatapos, nagpasuri ulit ako sa ospital. Gumaling na ang bukol ko sa ilong at lymph node!"

Ayon kay Diakonesa Jiwon Lee, 45 taong gulang, "Noong simula ng taong 2014, nagsimulang mabulok ang hintuturo ko. Dumalo ako sa mga pulong ng sentro ng panalanginan sa loob ng tatlong linggo. Pinayuhan ako ng presidente ng sentro na si Ginang Lee na maghandog ng pangakong-panalangin sa espesyal na pulong-panalanging Daniel na idadaos sa darating na Marso. Itinakda ko ang oras na kinakailangan sa pag-aalay ng 42 araw ng pangakong-panalangin na may kasamang pag-aayuno ng hapunan at paghahandog. Lubos ang pagsisisi ko, taglay ang mensahe niya sa puso ko. Habang idinadalangin niya ako, nadama ko ang apoy ng Espiritu na bumaba sa akin, nag-init ang buong katawan ko, pati ang mga tainga. Tinanggap ko bawat gabi ang apoy. Muling tumubo at bumalik sa normal ang kuko ko."

Gumaling mula sa depresyon si Diakonesa Eunsuk Kim, 34 taong gulang, sinabi niya, "Habang pinapakinggan ang mensahe ni Dr. Lee, natanto ko na nasa sarili ko ang problema. Hiniling ko sa Diyos na tulungan akong magsisi ng lubos, sinabi kong gusto kong magsisi sa pulong-panalanging Daniel tuwing gabi. Bawat gabi, bumababa sa akin ang apoy ng Banal na Espiritu, nakakapagsisi ako sa kaibuturan ng puso ko. Pagkatapos kong manalangin, basang-basa ako ng pawis, pero maligaya ako at mapayapa. Gumaling na ang depresyon ko."

Sinabi ni Jesus sa Mateo 7:11, "Kung kayo nga na masasama ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit ang magbigay ng mabubuting bagay sa mga humihingi sa Kanya?" Ang Diyos ang pinakanakakabatid ng situwasyong kinalalagyan ng mga anak Niya, gusto Niyang ibigay sa kanila ang mga pinakamabubuting bagay. Napakalaking biyaya sa atin ang dumalangin sa napakabuting Diyos. Ang biyayang ito ay makakamit araw-araw sa pulong-panalanging Daniel.

Ang pulong-panalanging Daniel ay ibinobrodkast sa www.manmin.org at www.gcntv.org, para sabay-sabay na makapanalangin ang lahat ng miyembro sa buong mundo.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# "Huwag Kang Magkakaroon ng Ibang mga Diyos sa Harap Ko"

"Binigkas ng Diyos ang lahat ng salitang ito, na sinasabi, Ako ang PANGINOON mong Diyos na naglabas sa iyo sa lupain ng Ehipto, mula sa bahay ng pagkaalipin. 'Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap Ko.'" (Exodo 20:1-3)

Dapat sundin at isabuhay ng mga anak ng Diyos ang Sampung Utos kahit hindi nila natatandaan ang lahat ng Salita sa 66 na aklat ng Biblia. Ang sampung utos na ito ay ibinigay ng Diyos para sa mga minamahal na anak Niya sa pamamagitan ni Moises. Ito ay buod ng lahat ng Salita ng buhay na Diyos at nagsisilbi bilang balangkas para sa Biblia.

### 1. Ang Sampung Utos: Dapat sundin at kayang sundin ng mga mananampalataya

Kung may batas sa mundong ito na dapat nating sundin, mayroon ding batas na dapat sundin ang mga tumanggap kay Jesu-Cristo at mga anak ng Diyos.

Ang batas ay tumutukoy sa mga utos sa Biblia. Nahahati ito sa apat na mahahalagang kategorya: "Gawin," "Huwag gawin," "Sundin," at "Iwaksi." Kung susundin natin ang mga ito, mananatili tayo sa ilalim ng proteksyon ng Diyos, hindi makakapagdala ng mga pagsubok si Satanas laban sa atin. Kasalanan kung lalabagin natin ito, sasailalim tayo sa kapangyarihan ng kasalanan at ni Satanas. Dahil dito, mapupunta tayo sa Impiyerno.

Intindihin natin ang dahilan kung bakit ibinigay sa atin ng Diyos ang mga utos at sinabi sa ating sundin ang mga ito. Hindi Niya gustong igapos tayo o pahirapan, kundi dalhin tayo sa Langit kung saan walang pagluha, walang sakit, walang kamatayan, o karamdaman. Ang mga utos ding ito ay para tamasahin natin ang pinagpalang buhay dito sa lupa. Maaaring sabihin ng iba, "Paano natin susundin ang Sampung Utos? Susubukan lang nating sundin ang mga ito." Gayon pa man, mababasa sa 1 Juan 5:3, "Sapagkat ito ang pag-ibig sa Diyos, na ating tuparin ang Kanyang mga utos at ang Kanyang mga utos ay hindi pabigat."

Kapag humingi ng tulong sa atin ang isang taong mahal natin, masaya tayo sa pagtulong sa kanya. Tulad nito, hindi mahirap sundin ang mga utos Niya kung tunay ang pagmamahal natin sa Kanya. Bukod dito, iba na ang situwasyon para sa atin sa panahon ng Bagong Tipan kumpara sa mga tao sa Lumang Tipan na sumusunod sa pamamagitan ng sarili nilang paghahangad at kalakasan.

Tinubos tayo ni Jesus mula sa lahat ng kasalanan natin sa pagkakapako Niya sa krus bilang sakripisyong kabayaran. Kung sinumang magtitiwala dito at tatanggapin si Jesu-Cristo ay tatanggapin ang Banal na Espiritu para tumulong sa kanya.

Dahil sa kapangyarihan ng Espiritu, magagawa nating sundin kahit ang mga bagay na hindi natin kayang sundin sa sarili nating kakayahan o paghahangad. Kung nasa puso natin ang Salita ng Diyos, ang katotohanan, at isasabuhay ito, hindi tayo magkakasala.

### 2. Ang Diyos ang Manlilikha, Tagapagligtas, at ang nag-iisang Diyos

Mababasa sa Exodo 20:1-3, "Binigkas ng Diyos ang lahat ng salitang ito, na sinasabi, Ako ang PANGINOON mong Diyos na naglabas sa iyo sa lupain ng Ehipto, mula sa bahay ng pagkaalipin. 'Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap Ko.'"

Ang 'mo', 'iyo', at 'ka', sa talatang ito ay si Moises at ang lahat ng Israelita na tumanggap ng Salita. Tumutukoy din ito sa lahat ng mga anak ng Diyos. Hindi lang Niya pinalaya ang mga Israelita mula sa pagkaalipin sa Ehipto sa pagpapakita ng mga tanda at himala, iniligtas pa Niya tayo sa pagkaalipin sa kasalanan. Samakatwid, bilang mga anak Niya, huwag tayong magkaroon ng ibang diyos maliban sa Kanya.

Ang Diyos ang nag-iisang Diyos na buhay at pinakamakapangyarihan. Nilikha Niya ang kalangitan at ang mundo at ang lahat ng bagay na narito. Siya ang namamahala sa buong sansinukob; sa kasaysayan ng sangkatauhan; sa buhay, kamatayan, tagumpay, at kabiguan ng lahat ng tao; at binibigyan Niya tayo ng tunay at walang hanggang buhay. Pero sumasamba ang mga makamundong tao sa mga ibang walang kabuluhang diyos na nagiging dahilan para mapalayo sila mula sa tunay na Diyos. May mga sumasamba sa araw, sa mga bituin (Polaris), sa mga bato, punungkahoy, o mga hayop, kahit walang makakapagligtas o makakapagbigay ng biyaya sa mga ito.

Mababasa sa Mga Taga-Roma 1:20, "Mula pa ng likhain ang sanlibutan, ang Kanyang walang hanggang kapangyarihan at pagka-Diyos, bagaman hindi nakikita, ay naunawaan at nakita sa pamamagitan ng mga bagay na Kanyang ginawa, upang wala silang maidadahilan." Maliwanag na nakikita sa mga bagay sa kapaligiran ang kapangyarihan ng Manlilikha. Nagpapatunay ang mga ito na iisa lang ang Manlilikha.

Lahat ng mahalagang kaanyuan at kakayahan ng bawat tao dito sa mundo ay pare-pareho. Ang mga Aprikano, Kaukasyan, at mga Asyano ay mayroong dalawang mata, tainga, at isang ilong at bibig. Magkakapareho din ang kinalalagyan ng mga ito. Katulad din nila ang mga hayop. Makikita natin dito na iisa lang ang lumikha sa kanila. Bukod dito, nagpapakita din ng pruweba tungkol sa Diyos na Manlilikha ang mga hindi pangkaraniwang bagay at pangyayari sa kalikasan.

Umiikot at lumiligid ang mundo, dahil dito mayroong araw at gabi; apat na klase ng panahon, dalawa sa ibang bahagi ng mundo; lumalalim at bumababaw ang dagat; at pabagubago ang kapaligiran. Nakaposisyon at gumagalaw ang maraming bagay sa kalangitan para magkaroon tayo at ang iba pang buhay na nilalang ng pinakamahusay na tirahan at panatilihin ang buhay sa mundo. Hindi na masukat ang panahong umikot ang mundo at ang araw sa tamang layo mula sa isa't isa, ni walang mali.

Posibleng mangyari ito dahil ang sansinukob at ang lahat ng bagay na narito ay idinisenyo, nilikha, at pinapagalaw ng karunungan ng Diyos. Nilikha ng Diyos na Manlilikha ang lahat ng bagay at pinapagalaw Niya ito sa Kanyang kapangyarihan. Dahil sa malinaw na mga pruweba, walang makakapagdahilan sa Huling Araw ng Paghatol na hindi nila nalaman na mayroong Diyos.

Sa kasaysayan, may mga taong kumilala sa Manlilikha at sumunod sa tamang daan kahit hindi sila nabahagian ng ebanghelyo. Lumakad sa tamang daan si Admiral Yi Sun-shin ng Joseon Dynasty, ang Diyos lang ang pinaglingkuran niya. Wala siyang alam tungkol sa Diyos o sa Panginoon, pero hindi siya sumamba sa mga nagpapalayas ng demonyo o sa mga walang kabuluhang diyos. Dahil mabuti ang konsiyensya niya, tumingala siya sa langit at may takot sa Manlilikha.

Binuksan ng Diyos ng Katarungan ang daan ng kaligtasan para sa mga taong tulad ni Admiral Yi Sun-shin ayon sa 'paghatol ng konsiyensya'. Mababasa ang tungkol dito sa Mga Taga-Roma 2:14-16. Ang daan ng kaligtasan ay binuksan ng Diyos para sa mga tao noong panahon ng Lumang Tipan na hindi nakarinig ng ebanghelyo at hindi batid ang kautusan ng Diyos pero sinunod ang mabuting konsiyensya at nagtiwala sa Diyos.

### 3. Ang dahilan kung bakit sinabi ng Diyos sa atin na huwag magkaroon ng ibang diyos maliban sa Kanya

May mga mananampalatayang pumupunta o naglilingkod sa ibang diyos. Lumalapit sila sa mga manghuhula, o umaasa sa ibang klaseng mga pangkukulam o mahika. Ang iba naman ay nagsusuot ng mga 'pampaswerte' o anting-anting. May mga dumadalo sa mga seremonya ng mga Hentil na relihiyon na sumasamba sa mga huwad na diyos. Sinasabi nilang may kabuluhan ito at walang mangyayaring masama sa kanila. Sinasabi ng mga hindi mananampalataya, "Sa Cristianismo, sinasabi sa atin na magtiwala sa iisang Diyos. Hindi ba napakahigpit nito?"

Ang Diyos ang nag-iisang Manlilikha, Siya lang, at wala ng ibang makakapagbigay sa atin ng mga biyaya at buhay. Salungat sa Kanya ay ang mga walang silbing diyos na sinasamba ng mga tao. Bahagi sila ng kadiliman at mula kay Satanas, ang kaaway ng Diyos. Iniliiligaw ni Satanas ang mga tao at pinaglilingkod sa mga bagay na walang kabuluhan. Tinatanggap niya ang pagsamba at dinadala sila sa pagkawasak.

Kung mayroon kayong ibang diyos sa puso ninyo, ang mga ito ang dahilan kung bakit patuloy kayong dumadanas ng mga pagsubok, pagdurusa sa pagluha, kalungkutan, at mga karamdaman kahit sinasabi ninyong naniniwala kayo sa Diyos. Ayaw ng Diyos ng Pag-ibig na mahulog tayo sa pagkawasak dahil sumasamba tayo sa mga diyus-diyosan kaya iniutos Niyang huwag tayong magkaroon ng ibang diyos maliban sa Kanya. Gusto Niyang magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan at mamuhay ng pinagpalang buhay dito sa mundo sa pamamagitan ng paglilingkod sa Kanya.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, nakita, narinig, at naranasan na ninyo ang mga patunay na may Diyos na buhay. Nakikiusap ako sa inyo na paglingkuran Siya nang walang pagbabago, at umasa sa Kanya, na Siyang lumikha ng lahat ng bagay at namamahala ng mga ito. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na nawa ay sundin ninyo ito para tamasahin ninyo ang umaapaw na biyaya bilang mga anak Niya.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)
"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Manalangin ng Maalab

Ang Mang-aaliw, ang Banal na Espiritu ay nananahan sa puso ng mga mananampalataya. Itinuturo Niya kung ano ang nais ng Diyos sa bawat situwasyon at namamagitan Siya para sa atin. Sa 1 Mga Taga-Corinto 2:10, sinasabi, "...sapagkat sinisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, maging ang malalalim na mga bagay ng Diyos." Mababasa sa Mga Taga-Roma 8:27, "Ngunit ang Diyos na sumisiyasat ng mga puso ay nakakaalam kung ano ang kaisipan ng Espiritu, sapagkat Siya ang namamagitan dahil sa mga banal ayon sa kalooban ng Diyos."

Nasusulat, kung mayroon tayong gabay ng Espiritu, makakapanalangin tayo ayon sa kalooban ng Diyos. Kung ipagpapatuloy natin ang inspirasyon ng Banal na Espiritu sa buhay natin, at mapupuspos Niya tayo, mag-aalab ang katawan at puso natin, magliliwanag sa kagalakan at kapayapaan ang mukha natin. Pag-aralan nating mabuti kung paano manalangin ng maalab at puspos ng Espiritu ayon sa kalooban ng Diyos.

## Una, huwag mong gamitin ang makasariling saloobin habang nananalangin

Dahil sa makasariling saloobin, mahihirapan kayong mapuspos ng Banal na Espiritu. Baka iniisip ninyo habang nanalangin, 'Sana sagutin ng Diyos ang panalangin ko, at basbasan ako sa ganito at ganyang paraan.' Pero baka maging balakid ito sa pagkilos ng Diyos kahit gusto Niyang sagutin kayo kaagad.

Kaya manalangin kayo at ipaubaya ang lahat sa Diyos. Ibig sabihin, pabayaang mangyari ang lahat sa paraan at kalooban Niya. Umasa ding tatanggapin ninyo ang kasagutan sa panahong itinakda ng Diyos, at sikaping manalangin ng may malawak na pag-iisip tungkol sa kalooban ng Niya. Huwag maging limitado sa sariling saloobin. Sa paraang ito, mas mabilis kayong tatanggap ng kasagutan.

Makakapanalangin kayo ng panalanging ayon sa kalooban ng Diyos kung kayo ay puspos ng Espiritu, kahit ano pa ang ipanalangin ninyo. Gayon pa man, sa sariling saloobin, pwede kayong manalangin tungkol sa mga bagay na walang kinalaman sa daloy ng espiritu na ibinigay ng Diyos. O baka ang panalanging ihandog ninyo ay hindi magbibigay ng lugod sa Diyos. Sa paraang ito, hindi ninyo tatanggapin ang kapuspusan ng Espiritu. Samakatwid, huwag kayong manalangin ng nakakiling sa isang bahagi at ayon sa makasariling saloobin. Makipag-isa sa Banal na Espiritu kapag nananalangin.

Sinasabi ng Mateo 18:19, "Sinasabi Ko rin naman sa inyo, na kapag nagkasundo ang dalawa sa inyo sa lupa tungkol sa anumang bagay na kanilang hinihiling ay gagawin para sa kanila ng Aking Ama na nasa Langit." Ang ibig sabihin ng 'kapag nagkasundo ang dalawa sa inyo' ay nakikipagkaisa kayo sa Espiritu at nananalanging puspos Niya, tatanggapin ninyo agad ang sagot sa inyong dalangin.

## Pangalawa, dapat ninyong iwaksi ang kasamaan ng puso ninyo

Kung iwawaksi ninyo ang kasamaan ng puso ninyo, maalab kayong makakapanalangin. Siyempre, kahit hindi pa kayo napapabanal at may kasamaan pa pero agad ninyong pagsisisihan ang kasalanan ninyo sa sandaling makita ang mga ito, hindi ito magiging pader ng kasalanan laban sa Diyos. Makakapanalangin kayo ng maalab. Gayon pa man, iniisip ng ibang tao na hindi sila masama kahit kitang-kita na ang kasamaan nila. Halimbawa, nagsisikap kayong tuparin ang mga tungkulin ninyo pero nakikipag-away kayo sa iba dahil nagmamalinis kayo at makasarili. Hindi kayo mapalagay, sinisiraan ninyo ang mga taong mas mataas sa inyo, hinuhusgahan at hinahatulan ninyo sila. Pero hindi ninyo naiisip na masama ang ginagawa ninyo, pagkatapos, mananalangin kayo. Hindi aabot sa Diyos ang dalangin ninyo kung ganito ang ugali ninyo. Hindi rin makakakilos ang Espiritu sa buhay ninyo. Hindi kayo makakapanalangin na puspos Niya.

Kung nananalangin kayo ayon sa makasarili ninyong saloobin, at hindi ninyo nakikita ang kasamaan ninyo, hindi kayo tatanggap ng kasagutan mula sa Kanya. Mababasa sa Kawikaan 15:29, "Ang PANGINOON ay malayo sa masama, ngunit Kanyang dinirinig ang dalangin ng matuwid." Sa Kawikaan 15:8, "Ang handog ng masama, sa PANGINOON ay kasuklamsuklam, ngunit ang dalangin ng matuwid ay kanyang kaluguran." Mababasa sa Mga Awit 66:18, "Kung iniingatan ko ang kasamaan ng aking puso, ang PANGINOON ay hindi makikinig."

Kaya manalangin kayo para makita ang inyong kasamaan at iwaksi ninyo ito. Kung palagi ninyong gagawin ito, makakapanalangin kayo na puspos ng Banal na Espiritu. Sa pamamagitan ng maalab na pananalangin sa tulong Niya, mabilis ninyong maiwawaksi ang kasalanan mula sa puso ninyo.

## Pangatlo, ipanalangin ninyo ang iglesya, ang pastol, at ang mga kaluluwa nang buong puso at may pag-ibig

Ipanalangin ninyo ang kaharian ng Diyos ng taos-puso, may pananampalataya, pag-ibig, at maalab na hangarin. Kapag idadalangin ninyo ito, suriin ninyo kung may ibang bagay sa isipan ninyo, o kung hindi maalab ang pananalangin ninyo at walang pag-ibig, o may ibang bagay kayong idinadalangin maliban dito.

Kapag nananalangin kayo para sa mga kaluluwa, dapat may kalooban kayong tulad ng pastol na nagnanais na magdala ng kahit isa pang kaluluwa sa daan patungo sa kaligtasan. Dapat makita ninyo kung paano niya idinadalangin ang kawan, at kung ano ang kalooban niya kapag nananalangin siya para sa kaharian ng Diyos. Tularan ninyo ang kalooban niya kapag nananalangin kayo. Huwag kayong manalangin ayon sa makasarili ninyong kalooban at damdamin. Unawain ninyo ang kalooban ng Diyos, ng Panginoon, at ng pastol. Tularan ang kalooban ng Panginoon para maging kalugudlugod sa Diyos ang dalangin ninyo.

Idalangin ninyo na huwag nawang matukso ang mga kaluluwa sa mundong puno ng kasalanan at kasamaan. Hilingin ninyo sa panalangin ng may kaloobang tulad ng pastol na huwag sana silang magkasala. Manalangin kayo tulad ng pastol na namamagitan kahit para sa mga kaluluwang malapit ng mamatay para makita nila ang daan patungo sa kaligtasan.

Kapag mananalangin kayo ng may pananampalataya at pag-ibig, makakarating ito sa Diyos ng may perpektong mabangong samyo. Ang mga gantimpala ninyo sa langit ay naaayon sa kaalaban ng pananalangin ninyo at kung nanalangin kayo ng may pananampalataya at pag-ibig.

# "Kamangha-mangha ang Kapangyarihan ni Dr. Jaerock Lee!"



Kapatid Alain Lubamba, 44 taong gulang, miyembro ng National Assembly, DR Congo

Noong nasa kolehiyo pa ako, tinanggap ko si Jesu-Cristo dahil narinig ko sa radyo ang tungkol sa Kanya. Dahil sa pagpapala ng Panginoon, nakapagtrabaho ako bilang kinatawan at pinuno ng NGO sa silangang DR Congo, Bise-Ministro ng Foreign Affairs, at pagkatapos, Bise-Ministro ng Finance Department. Magmula noong 2011, nagtatrabaho na ako bilang miyembro ng pambansang kapulungan ng DR Congo.

Noong taong 2006, nang bago pa lang akong Bise-Ministro ng Foreign Affairs, nadawit ako sa maling tsismis sa iglesyang dinadaluhan ko. Nabigla, nalinlang, at nadismaya ako, huminto ako sa pagsisimba. Sa bahay na lang ako nanalangin. Noong Pebrero 2006, napanood ko ang krusada ng pagkakaisa ni Dr. Jaerock Lee sa bansa ko, napakalaking okasyon nito. Pinanood ko ito sa telebisyon, malaking pagpapala ang nakuha ko dito.

Noong Pebrero 2014, hindi inaasahang nakita ko ang Kinshasa Manmin Holiness Church habang nagmamaneho ako ng sasakyan. Huminto ako para basahin ang anunsyo na nakapaskil sa pintuan ng simbahan. Nalaman ko na ang simbahang ito ay sangay ng iglesyang pinaglilingkuran ni Dr. Jaerock Lee na namuno sa krusada! Gustung-gusto ko ang iglesyang ito, bumalik ako pagkatapos ng ilang araw, nakatanggap ako ng pulyeto. Sa susunod na pagbisita ko, pumasok ako sa loob, tiningnan ko kung ano ang narito. Naantig ang puso ko, nahimuk akong dumalo sa iglesya.

Noong Marso 2014, dumalo ako at ang pamilya ko sa pagsamba sa Kinshasa Manmin Holiness Church. Ipinakilala sa akin ni Pastor Jacob Lee, na siyang lingkod sa iglesyang iyon, si Dr. Jaerock Lee at ang ministeryo ng Manmin, binigyan niya ako ng libro ni Dr. Lee, *The Measure of Faith*. Habang binabasa ko ang libro, natutuhan kong mayroong makalaman na pananampalataya at espirituwal na pananampalataya. Nalaman ko rin na ang bawat tao ay maninirahan sa magkakaibang tirahan sa Langit. Namangha ang espiritu ko sa nalaman ko. Natanto ko na napakaliit ng pananampalataya ko.

Dahil sa libro ni Dr. Lee na *Heaven I & II*, nalaman ko na may Paraiso, ang pinakamababang tirahan sa langit at may Bagong Jerusalem, ang pinakamaluwalhating lugar. Dahil naunawaan ko ang malaking pagkakaiba ng mga ito, nahamon ang espiritu ko at nagkaroon ng panibagong lakas. Pagkatapos, tumuon na ako sa pamumuhay ayon sa Salita ng Diyos at pananalangin para sa paglago ng espiritu ko. Samantala, inaalala ko ang Salita ng Diyos bago ako magsalita at kumilos. Binago nito ang ugali ko at kaalaman, na naging dahilan naman ng pagbabago ng pananalita at pagkilos ko.

May malaking pagbabago din sa pamilya ko. Inakala ko na masaya na sila kung kikita ako ng pera para sa kanila, hindi na ako kailangang sumama sa mga bakasyon nila. Pero, sa pagkakataong ito, nagkaroon ako ng oras para samahan sila. Masayang-masaya sila. Hindi na kami nag-aaway ng asawa ko, kapag nasa bahay, ibinabahagi ko sa kanya ang Salita ng Diyos. Pagkatapos ng pagsamba tuwing Linggo, pinag-uusapan namin ang mga mensaheng ipinangaral, sinasariwa namin ito sa puso namin.

Noong Agosto 2014, kamuntik nang mapunta sa iba ang bahay ko sa Estados Unidos. Pero nanatiling ako ang nagmamay-ari nito dahil tinanggap ko ang panalangin ni Pastor Jacob Lee na may panyong dinalanginan ni Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). At pagkatapos tanggapin ang panalangin ng pagpapagaling mula kay Punong Diakonesa Insuk Yoon, asawa ni Bishop Dr. Myeongho Cheong (Nairobi Manmin Holiness Church), nawala ang sakit na dulot ng luslos na bumagabag sa akin sa loob ng dalawang taon.

Ang kapangyarihan ng Diyos na ipinapakita sa pamamagitan ni Dr. Lee ay totoong kamangha-mangha! Minimithi ko na sana umunlad ang bansa ko sa kalooban ng Diyos at pag-ibig ng Panginoon. Ang lahat ng luwalhati at pagpapasalamat ay para sa Diyos.

# "Pinagaling ng Diyos ang lahat ng karamdaman ko, pati ang hepatitis B na hindi nagagamot!"



Diakonesa Hyangsoon Kim, 51 taong gulang, Gwangju Manmin Church, South Korea


Noong 1998, nakita ko ang anunsyo tungkol sa ika-6 na espesyal na pagpupulong na idadaos ni Dr. Jaerock Lee para sa muling pagpapasigla ng espiritu habang papunta ako sa sentro ng panalanginan sa Mt. Mudeng sa Gwangju. Binigyan ako noon ng librong *Paglasap Ng Buhay Na Walang Hanggan Bago Ang Kamatayan* ng kaibigan kong si Diakonesa Hyunju Heo (nasa Yeosu Manmin Church na siya ngayon), binasa ko na ito. Ayon sa anunsyo, mangunguna sa pagpupulong ang nagsulat ng librong iyon! Nagpunta ako sa Gwangju Manmin Church at dinaluhan ang pulong sa pamamagitan ng pagsamba na naka-video. Tumanggap ako ng maraming pagpapala.

Nagparehistro ako sa Gwangju Manmin Church na pinaglilingkuran ni Pastor Hyeongryeol Park. Hindi nagtagal, nang makilala ko at ng mga kasama ko sa iglesya si Dr. Lee at tanggapin ang panalangin niya, gumaling ang sakit ko sa tainga (luga) na pitong taon ko ng problema. Pagkatapos ng panalangin, nakaramdam ako ng init sa buong katawan ko, magaling na ako. At gumaling din ako mula sa hepatitis B, mula noong ipanganak ako, karamdaman ko na ito, kaya kung minsan, nagdurusa ako sa pananakit ng ulo, pananakit ng mga mata, at pagsusuka. Palagi akong pagod at matamlay, hindi normal ang buhay ko lalo na kapag kailangan kong umalis ng bahay. Pero nawala ang lahat ng pananakit, hindi na ako nagsusuka.

May problema din ako dati sa kanang balakang ko noong ipanganak ako. Lalong lumala ito nang mahulog ako noong 4 taong gulang ako, nalinsad ang kasukasuan ko. Magmula noon, papilay-pilay ang paglalakad ko. Hindi na normal ang paglaki ng kanang binti ko, hindi ito kumportable. Bago matapos ang taong 2012, sumakit na din ang bukong-bukong, lulod, at mga tuhod ko, kinailangan kong gumamit ng saklay.

Hindi ako makatulog dahil sa pananakit, pero umasa ako sa Diyos. Samantala, binigyan ako ng katiyakan ng paggaling, kaya noong Mayo 17, 2013, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee. Biglang nawala ang sakit, at nakapaglakad agad ako nang walang saklay. Nawala din ang pagod at tamlay ko, at gumaling ako ng lubos mula sa hepatitis B. Hallelujah!

Gumaling din mula sa pananamlay at mababang presyon ng dugo ang asawa kong si Elder Jongseon Mun. Nagtatrabaho na siya ngayon para sa Seoul Joongang Asset Inc. sa sangay nito sa Honam bilang tagapamahala ng sales support. Malalaking biyaya din ang tinatanggap niya. Nasisiyahan kami sa pag-aalay ng mga handog sa Diyos. Ngayon, soloista na ako at ang asawa ko ang namamahala sa choir ng iglesya namin. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay ibinibigay ko sa Diyos na niloloob na luwalhatiin Siya.




[Pagsusuri ng serum]
Bago ipanalangin: Positibo sa hepatitis B
Pagkatapos ipanalangin: Negatibo sa hepatitis B

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714